Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-10 NG MARSO, 1997 ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE............ | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco.............. | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas............. | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.. | Kagawad |
| Kgg. Louie c. de Leon.............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez............ | Kagawad |
| Kgg. Celestino D. Pamatmat......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison.............. | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas.............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco........... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor......... | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 064-T'97

KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. EDGARDO ANGARA NG TULONG-PINANSYAL NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG MILYONG PISO (P2.M) PARA SA PAGPAPAGAWA NG ISANG MALAKI AT KONKRETONG TULAY NA BABAGTAS SA ILOG NG SANTA CRUZ AT MAG-UUGNAY SA MGA BARANGAY NG SANTISIMA CRUZ AT SANTO ANGEL NORTE NG BAYANG ITO.

**SAPAGKA'T,** matapat na hangarin ng Pamahalaang Bayan ng Santa Cruz, Laguna, na makapagpagawa ng isang malaki at konkretong tulay na babagtas sa ilog ng Santa Cruz at mag-uugnay sa mga barangay ng Santisima Cruz at Santo Angel Norte ng bayang ito;

**SAPAGKA'T,** walang sapat na pondo ang Pamahalaang Bayan upang maisagawa ang pagpapagawa ng nasabing tulay;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Celestino D. Pamatmat at Angelito U. Limjuco at sa pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na mapitagang humiling sa Kgg. Edgardo Angara ng tulong-pinansyal na nagkakahalaga ng Dalawang Milyong Piso (P2.M) para sa pagpapagawa ng isang malaki at konkretong tulay na babagtas sa ilog ng Santa Cruz na mag-uugnay sa mga Barangay ng Santisima Cruz at Santo Angel Norte ng bayang ito.

**PINAGPASIYAHAN PA:** Na magpaabot ng taus-pusong pasasalamat sa **Kgg. Edgardo Angara, Senador ng Bansa,** na nagmamalasakit para sa kapakanan ng bansang ito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Edgardo Angara, Senador ng Bansa, Batasang Pambansa, Lungsod ng Quezon, para sa kaniyang mahalagang tulong, Kgg. Punong bayan, para sa kaniyang kabatiran.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. SANDICHO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTUOO: NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:
DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan